# Mayroon Ba Kayong Medi-Cal at Medicare?

**Dapat kayong gumawa ng desisyon tungkol sa inyong kalusugan at in-home care sa San Diego County**

## Cal MediConnect



Mga Doktor, Reseta, Ospital, Pangangalaga sa Mata, Home Care at **iba pa**

Ang **Cal MediConnect** ay isang bagong opsyon sa pangangalagang pangkalusugan na naghahatid sa inyong pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo sa bahay sa iisang plan lang.

## May Desisyon Kayong Dapat Gawin Tungkol sa Inyong Pangangalaga:

**Pumili ng isang Cal MediConnect Health Plan o isang PACE plan**

**Tumawag** upang pumili ng health plan (plan na pangkalusugan) na parehong sumasaklaw sa Medicare at Medi-Cal. **Tingnan ang listahan sa likod.**

**O**

**Huwag baguhin ang Medicare**

**Tumawag** upang mag-opt out sa Cal MediConnect, manatili sa kasalukuyan ninyong Medicare plan at pumili ng health plan (plan na pangkalusugan) para sa inyong Medi-Cal.

**O**

**Huwag gumawa ng aksyon**

Kung hindi kayo pipili, pipili ang estado ng isa sa mga Cal MediConnect plan para sa inyo.

### Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga pagpipilian sa health plan (plan na pangkalusugan), mangyaring tumawag sa:

Consumer Center for Health Education & Advocacy (Center ng Consumer para sa Edukasyon at Pagtataguyod sa Kalusugan) 1-877-734-3258

**Tingnan ang inyong mail para sa mahalagang impormasyong mula sa California Department of Health Care Services (Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California) tungkol sa mga pagbabagong ito.**

# Ang Kailangan Ninyong Malaman sa San Diego County

## Bakit nangyayari ang mga pagbabagong ito, at ano ang ibig sabihin nito para sa akin?

Nakukuha ng maraming Californian na may Medicare at Medi-Cal ang kanilang pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo sa bahay sa iba't ibang provider na kung minsan ay hindi magkasamang kumikilos. Maaari itong magdulot ng pagkalito at pagkadismaya sa pagkuha ng mga serbisyo at suportang kailangan ninyo.

Inihahatid ng Cal MediConnect ang inyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal sa iisang health plan (plan na pangkalusuguan). Bibigyan din kayo ng plan ng benepisyo para sa paningin at hindi pang-emergency na transportasyon nang walang dagdag na bayad.

Gayunpaman, ang mga kasalukuyan ninyong doktor ay maaaring hindi bahagi ng mga Cal MediConnect plan sa inyong lugar. Tawagan ang mga health plan (plan na pangkalusugan) upang malaman kung aling mga provider ang nasa network nila.

### Anong mga opsyon sa health plan (plan na pangkalusugan) ang available sa San Diego County?

- Care 1st
- Community Health Group
- Health Net
- Molina Health Care
- Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE o Programa ng Pangkalahatang Pangangalaga para sa Nakakatanda)*
  - St. Paul's PACE

*Ang PACE ay isang plan para sa mga may edad 55 taon o mas matanda na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga.

### Kwalipikado ba ako para sa Cal MediConnect at paano ko magagawa ang pinakamainam na desisyon?

**Tumawag at alamin.** Makipag-usap sa isang nakakaalam na taong makakapagsabi sa mga pagpipiliang available sa inyo at makakapagbigay ng gabay sa kung ano ang nararapat para sa inyo.

### Ano ang iskedyul ng pag-enroll?

Sa San Diego County, magsisimula ang pag-enroll nang hindi aaga sa Abril 2014. I-e-enroll ang karamihan sa mga benepisyaryo sa kanilang buwan ng kapanganakan.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga pagpipilian sa health plan (plan na pangkalusugan), mangyaring tumawag sa:**

Consumer Center for Health Education & Advocacy (Center ng Consumer para sa Edukasyon at Pagtataguyod sa Kalusugan): 1-877-734-3258

**Ginawa ng San Diego Senior Alliance sa pakikipagtulungan sa San Diego Coordinated Care Initiative Communication Workgroup**